AHA! LEARNING CENTER'S

# ESKWELANG PAMILYA

/ahalearning /ahalearns

## WRITING PROMPTS FOR GRADE 1 TO HIGH SCHOOL

**Aralin 65**

| **Pambungad** |
| --- |
| *Magandang araw sa iyo, munting makata! Handa ka na bang magsulat ng iyong kwento ngayong araw? Sabay-sabay nating isulat ang laman ng ating isipan. Ihanda ang imahinasyon; gagawa tayo ng istorya!* |

| **Writing Prompts for Grades 1 to High School - Aralin 65** |
| --- |
| Theme: Ang Kwento Ng Batang Bakunawa At Ng Diyos ng Buwan - Hanggang Sa Muli, Bana At Libulan |
| Content Creator: April Grace M. Garcia |

**ANG KWENTO NG BATANG BAKUNAWA AT NG DIYOS NG BUWAN : HANGGANG SA MULI, BANA AT LIBULAN**

**WRITING PROMPT LESSON 65**

---

**I.Pagbati**

Magandang buhay, mga makata! Ito na naman si Teacher ________!

Sa linggong ito, isang panibagong kwento ang ating matutunghayan, tungkol sa batang bakunawa at sa diyos ng buwan, si Libulan. Sa nakaraang kwento, naibalik na ang buwan sa kalangitan, handa ka na bang malaman ang katapusan ng kwento? Ating tunghayan at buuin!

**II.Writing Prompt of the Day**

Nakabalik na nga ang buwan sa langit, ngunit halata sa mukha ni Libulan ang inis sa batang kumuha ng buwan.

Lumipad pababa si Bana, ganun din si Libulan. Bumalik sa anyong bata ang bakunawa, matapos mong bumaba sa kanyang likuran. Muling naging mangiyak-ngiyak ang bata.

Huminga nang malalim ang diyos ng buwan. Nakita mong kalmado na ito matapos ang kanyang paghinga. Mariin ang boses ng diyos ngunit mabait ang tunog, “Ayon kay Aman Sinaya’y binigyan ka daw niya ng bolang perlas. Sobrang puti ito at hindi kasing ganda ng aking buwan. Maaari mo bang ibigay sa akin ito?”

Tumango ang bata at iniabot kay Libulan ang perlas. Ito’y tumula, “O puting perlas ng karagatan, ikaw ay maging kagila-gilalas. Maging kawangis ng buwan upang maging kasing ganda nang nasa kalangitan,”

Kuminang ang perlas at naging kahawig ng buwan, kulay pilak at may mahinang liwanag. Nabalot ng ngiti ang batang bakunawa nang iabot ito sa kanya ng diyos. Tinignan ka ng diyos ng buwan.

“Isa kang magiting na bata. Buong tapang mong nabalik ang buwan sa kalangitan, dahil dyan ikaw ay may isang kahilingang maaaring isigaw sa buwan.” Ngumiti si Libulan, tila ika’y nakatingin sa buwan. Siya’y kuminang nang sobrang liwanag hanggang sa ika’y napapikit. Habang nakapikit, narinig mo ang dalawang boses na nagsabing, “Hanggang sa muli!” Pagmulat mo’y wala na ang dalawang mahiwagang nilalang. At napansin mong muling gumagalaw na ang oras... tapusin ang iyong kwento!

•Ano ang nakita mo at nasabi mong muli nang gumalaw ang oras?
•Ayon kay Libulan, mayroon kang isang hiling na kanyang tutuparin, ano ang magiging wish mo na isisigaw mo sa buwan?
•Ano ang pakiramdam mo’t ikaw ay nakabalik na sa inyong tahanan at ang buwan ay muling nasa kalangitan?
•Ano ang iyong nakuhang aral mula sa iyong paglalakbay?

**III.Teacher’s Message**
Bigyang wakas ang kwento upang malaman ang mga huling pangyayari! Kung kaya ninyong isulat sa Ingles ang inyong kwento pagkatapos, subukan niyo rin!

“This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center.”